

YAZZ CARD

Terms and Conditions

In consideration of the issuance of YAZZ Reloadable Prepaid VISA Card ("YAZZ Prepaid VISA" or "YAZZ Card") powered by Metropolitan Bank & Trust Company ("METROBANK" or "BANK"), the Prepaid Customer and METROBANK herein bind themselves to faithfully comply with the following terms and conditions governing the issuance and use of the YAZZ Prepaid VISA , to wit:

1. **YAZZ PREPAID VISA.** Ang YAZZ Prepaid VISA ay isang reloadable general purpose prepaid card na nagbibigay ng cashless convenience para sa mga retail, online at Automated Teller Machine ("ATM") na transaksyon sa lahat ng BancNet at accredited VISA merchants sa buong mundo. Ang YAZZ Prepaid VISA ay hindi isang deposit account product ng Bank kaya hindi ito sakop ng Philippine Deposit Insurance Corporation ("PDIC") at ito ay walang kinikitang interest. Gayunpaman, ito ay napapailalim sa mga patakaran at regulasyon ng Bangko Sentral ng Pilipinas ("BSP"), Anti-Money Laundering Act ("AMLA"), at Data Privacy Act (RA 10173) at ang mga patakaran at regulasyon na nagpapatupad nito. Ang YAZZ Prepaid VISA ay hindi maaaring ilipat sa ibang pangalan.

2. **ANG PAGBILI NG YAZZ PREPAID VISA.** Ang YAZZ Prepaid VISA ay mabibili sa mga piling distributors sa buong bansa. Kinakailangang bumili muna ng YAZZ Starter Pack upang makagamit ng YAZZ Prepaid VISA at ng mga pribilehiyo ng produkto o card. Ang YAZZ Prepaid VISA ay maaari lamang mabili ng taong labing-apat na taong gulang (14 years old) pataas at may kakayahang magbasa, magsulat ,at may valid ID.

3. **PAGREHISTRO AT ACTIVATION.** Kailangang sagutin ng customer ang lahat ng hinihinging impormasyon sa application form at magbigay ng kopya ng valid ID upang ma-proseso ang application ng YAZZ Prepaid VISA. Ang YAZZ Prepaid VISA ay magiging active lamang kapag ang impormasyong ibinigay ng customer ay nasuri o napatunayang tama o 'valid' ng sales agent. Ang METROBANK ay walang pananagutan sa kabiguan ng customer na makakuha ng YAZZ Prepaid VISA dahil sa kawalan o hindi pagbibigay ng mga kailangang impormasyon.

4. **PAGMAMAY-ARI NG YAZZ PREPAID VISA** Ang rehistradong impormasyon ng Customer at mga IDs na kanyang ipinakita ay pinaniniwalaang tama, totoo, at 'valid' ng METROBANK. Ang Customer ay responsable sa kaligtasan o seguridad ng kanyang YAZZ Prepaid VISA at ng Personal Identification Number (PIN) matapos itong iabot sa kanya. Ang Customer ay pumapayag na pirmahan agad ang 'signature portion' sa likod ng card pagkabukas ng kit. Responsibilidad ng Customer na pangalagaan ang kaligtasan o seguridad ng card sa lahat ng pagkakataon.

Kailangang ipagbigay alam kaagad ng Customer sa YAZZ Customer Service Hotline (02) 87 373 333, 0918 909 3333 o 0917 800 5751 ang anumang pagbabago sa kanyang pangalan, 'civil status', tirahan, o telepono. Ang nasabing pagpapalit ng impormasyon ay kinakailangang suportado ng mga dokumento katulad ng 'marriage contract'. Ang mga dokumento ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng 'e-mail' sa CUSTOMER.SERVICE@YAZZCARD.COM_o 'fax' sa (02) 87371992.

5. RELEVANT PREPAID YAZZ FEES

Starter Pack with FREE Load of Php 50	Php300
--	---------------

<p>Loading Service Fee</p> <p>Loading via METROBANK partner retail establishments, METROBANK General Purpose Prepaid Card to another METROBANK General Purpose Prepaid Card belonging to a different individual, ATM and Online Banking Channels</p> <p>Note: No loading service fee shall be charged for load transferred between a METROBANK General Purpose Prepaid Card registered under the same card member.</p>	<p>Php20 per transaction</p>
<p>ATM Withdrawal Fee</p>	<p>Starting April 7, 2021, charges are dependent on the acquiring bank.</p>
<p>ATM Balance Inquiry Fee</p>	<p>Starting April 7, 2021, charges are dependent on the acquiring bank.</p>
<p>Monthly Inactive Fee</p>	<p>Php25 per month starting on the 7th month of NO Financial activity</p>
<p>Overseas Transaction Fee</p>	<p>Foreign Exchange / Conversion fee as determined by VISA International</p> <p>Plus: Administration cost equivalent to 2.50% of transaction amount</p>
<p>Sales Slip Retrieval Processing Fee</p> <p>Fee will be deducted from the Prepaid Load Balance.</p> <p>Only request within the last 2 months from transaction date will be entertained.</p>	<p>Php300 per copy</p>

6. **PAGLOAD NG YAZZ PREPAID VISA.** Ang YAZZ Prepaid VISA ay reloadable. Kailangan magload ng nais na halaga bago gamitin ang YAZZ Prepaid VISA. Maaring mag-load sa mga sumusunod na 'partners' ng METROBANK:

- a. ECPay Merchant Stores (visit ECPay website at <http://ecpay.com.ph/> for complete list of stores)

- b. Family Mart
- c. National Book Store
- d. Robinsons Department Store
- e. The SM Store
- f. SM Supermarket
- g. Touchpay

May loading fee na ibabawas sa load o balanse ng card sa bawat 'load transaction'. Ang bawat Customer ay maaring mag-load mula Php100.00 hanggang Php50,000.00 bawat araw o Php 100,000.00 bawat buwan. Ang lahat ng load transactions ay kailangang bayaran ng 'cash' lamang.

7. PAGGAMIT NG YAZZ PREPAID VISA. Ang YAZZ Prepaid VISA ay tinatanggap sa buong mundo ng lahat ng retail at online merchant na VISA-accredited. Maaari rin itong magamit sa anumang BancNet at VISA-accredited ATM. Ang lahat ng mga transaksyon na ginawa gamit ang YAZZ Prepaid VISA ay ipinapalagay na ginawa ng Customer.

Kapag ang isang transaksyon ay pinahintulutan, ang Customer at Merchant ay dapat magkasundo sa paraan ng pagtanggap ng Customer ng mga goods at/o mga serbisyo. Ang METROBANK ay hindi mananagot sa mga produkto o serbisyong di natanggap, depektibo, anumang pinsala o serbisyo pagkatapos ng transaksyon.

8. MGA TRANSAKSYON SA INTERNET. Ang Customer ay responsable para sa seguridad ng kanyang YAZZ Prepaid VISA sa lahat ng oras, lalo na sa paggamit ng Card upang bumili ng mga goods at/o mga serbisyo sa mga online na internet site o portal. Sumasang-ayon ang Customer na ang pagpasok ng impormasyon ng Card sa internet ay sapat na katibayan na ibinigay ang mga tagubilin para sa paggamit ng Card, at hindi kinakailangan ng METROBANK na iberipika ang pagkakakilanlan o ang awtoridad ng taong nagpapasok ng impormasyon sa Card. Gayunpaman, maaaring hindi pahintulutan ng METROBANK ang anumang mga transaksyon sa internet kung mayroon itong dahilan para maghinala sa ginagawang transaksyon o kung sa opinyon nito ay labag sa batas o hindi tama na gawin ito o para sa anumang ibang dahilan. Sang-ayon ang Customer na walang pananagutan ang METROBANK sa kahit anumang resulta ng transaksyon sa internet.

9. PAGGAMIT SA ATM. Ang YAZZ Prepaid VISA ay pwedeng magamit sa kahit anong local o international na BancNet o VISA accredited ATM para mag 'balance inquiry' o magwithdraw ng pera, na may angkop na bank charges. Bukod sa local at international bank charges, ang METROBANK ay maniningil ng kaukulang service fee sa bawat withdrawal o inquiry gamit ang ATM. Sa kadahilanang ito, ang Customer ay kailangang magtalaga ng isang kompidensyal na personal identification number (PIN). Ito ay magagawa ng Customer sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service Hotline at pagpili sa option para sa PIN Nomination. Sa prosesong ito, ang YAZZ Prepaid VISA card number at ang kanyang napiling 'unique' 4-digit PIN code ay kailangang i-key-in o pindutin sa telepono. Para matiyak ang kaligtasan at seguridad ng Card, ang Customer ay hinihikayat na regular na magpalit ng kanyang PIN sa pamamagitan ng pagtawag sa YAZZ Customer Service Hotline. Ang card ay pansamantalang hindi magagamit kapag ang PIN na napindot o naipasok ng Customer ng tatlong beses na sunod sunod ay mali habang gumagamit ng ATM. Ang customer ay kailangang tumawag sa Customer Service Hotline para muling magamit ang card. Ang halaga na maaari mong i-withdraw bawat araw ay magdedepende sa acquiring bank.

10. **CARD CAPTURE SA ATM.** Kung sa kasamaang palad ay nacapture ang YAZZ Prepaid VISA habang ito ay ginagamit sa kahit anong BancNet o VISA ATM, ang card ay hindi na maisasauli at sisirain na ng bangko. Ito ang patakaran ng BancNet o VISA para sa mga cards na walang pangalan katulad ng YAZZ Prepaid VISA. Dahil dito, ang Customer ay kailangang ipagbigay alam ito sa YAZZ sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service Hotline. Ang Customer ay kailangang bumili ng bagong YAZZ Prepaid VISA at tumawag muli sa hotline para mailipat ang natitirang load sa lumang account papunta sa bago.

11. **ATM ISSUES-KAPAG WALA O KULANG ANG PERANG LUMABAS SA ATM.** Una, ang Customer ay dapat ipagbigay alam sa YAZZ ang pangyayari, sa pamamagitan ng pagtawag sa Customer Service Hotline. Ang YAZZ Prepaid VISA ay magsasagawa ng imbestigasyon base sa report ng Customer. Kung ang mga detalye ng report ng Customer ay tumugma sa record ng transaction ng YAZZ, ang halagang nararapat ay ibalik sa account ng Customer.

12. **TRANSAKSYON SA DAYUHANG SALAPI.** Awtomatikong ico-convert ng METROBANK ang lahat ng mga singil o mga halaga na nagmumula sa mga transaksyon mula sa dayuhang pera sa Philippine Peso gamit ang foreign exchange rate ng VISA sa petsa ng transaksyon. Ang nasabing mga transaksyon ay maaari ding sumailalim sa mga karagdagang singil para sa serbisyo o pagproseso ng VISA. May karagdagang singil din sa mga transaksyon sa dayuhang pera na na-convert sa Philippine Peso 'at point of sale' kahit ito ay mula sa Pilipinas, sa ibang bansa o sa internet.

13. **LIMITASYON SA LOAD AT BALANSE.** Ang Load transaction at balance limits ay maaaring italaga o baguhin ng METROBANK, alinsunod sa batas. Ang kasalukuyang daily load transaction limit bawat araw ay Php50,000, ngunit hanggang P100,000.00 lamang sa loob ng isang buwan.

Ang total load limit ng bawat Customer kada buwan ay nasasakop ng BSP Circular 649 (Guidelines Governing the Issuance of Electric Money) at iba pang angkop na 'guidelines' na mailalathala ng BSP.

14. **LIMITASYON SA MARAMIHANG CARDS.** Ang isang Customer ay maaaring magkaroon ng multiple o higit sa isang YAZZ Card. Ang lahat ng Cards na rehistrado sa isang Customer o pangalan ay magkakaroon ng pinagsamang halaga ng load na hanggang Php100,000.00 bawat buwan. Base sa impormasyong maibibigay ng Customer, ang multiple cards ay awtomatikong pagsasama-samahin ng METROBANK sa record ng rehistradong card member.

15. **MGA SINGIL AT BUWIS.** Ang Customer ay pumapayag na magbayad ng naaangkop na buwis at charges kaugnay sa paggamit ng YAZZ Prepaid VISA, tulad ng ATM withdrawal, balance inquiry, at loading fees. Ang fees at ibang charges ay pumapaloob sa lahat ng naangkop na buwis na ibabawas sa balanse ng Customer. Ang halaga ng fees o charges ay maaaring baguhin ng METROBANK kung kinakailangan.

16. **INACTIVE FEE/PAGKANSELA NG CARD.** Ang Customer ay pumapayag na magbayad ng "inactive fee" kapag ang YAZZ Prepaid VISA ay naging inactive (halimbawa: paglalagay ng load, paggamit, o kahit anumang transaksyon) sa loob ng anim (6) na buwan. Ang fee ay ibabawas sa natitirang laman or balanse ng card kada buwan na walang paggamit sa YAZZ Prepaid VISA o hanggang sa maubos ang balanse ng card.

Maaring kanselahin ng METROBANK ang card na nagging "inactive" ng anim (6) na buwan.

17. **DI-PAGKILALA O DI-PAGTANGGAP SA LOADING TRANSAKSYON.** Dapat hingin ng Customer o ng kanyang representative, sa lahat ng pagkakataon, ang confirmation code mula sa sales agent bilang patunay na naging matagumpay ang loading at ito ang nagsisilbing basehan sakaling magkaroon ng disputes. Ang Customer ang magiging responsable para sa anumang kawalan at ang Distributor at METROBANK ay walang pananagutan sa kaganapan ng matagumpay na loading sa ibang YAZZ Prepaid VISA card number na hindi wastong naibigay ng Customer o ng kanyang representative sa loading slip.

18. **DI-PAGKILALA O PAGPROTESTA SA DI-AWTORISADONG TRANSAKSYON.** Sa kaso ng di-pagkilala o pagprotesta sa isang transaksyon, ang Customer ay kailangan magbayad para sa pagpoproseso ng Sales Retrieval slip base sa hiling ng Customer o sa pamamagitan ng METROBANK dahil sa maling transaction. Ang bayad sa pagpoproseso ng Sales Retrieval ay ibabawas mula sa load ng Customer. Kung walang load sa Prepaid Card, ang Customer ay kailangang mag-load ng P300 upang maproseso ang nasabing kahilingan.

Bukod dito, ang mga pinagtatalunang transaksyon ay maibabalik sa account ng Customer kapag ang claim/hindi pagkakasundo ay maayos na na-iproseso, nasiyasat, at napatunayan na pabor sa Customer o di naaksyunan sa loob ng animnapung (60) araw mula sa petsa ng pag-uulat ng hindi awtorisadong transaksyon.

19. **NAWALA O NANAKAW NA CARD.** Kapag ang YAZZ Prepaid VISA ay nawala o nanakaw, ito ay kailangang ipaalarm agad ng Customer sa YAZZ Customer Service Hotline (02) 87 373 333, 0918 909 3333 o 0917 800 5751. Lahat ng transaksyon sa YAZZ Prepaid VISA ay itinuturing na tama o valid bago matanggap ng METROBANK ang report ng pagkawala o pagkanakaw ng Card. Ang blocking o pagkansela ng YAZZ Prepaid VISA ay ipo-proseso lamang pagkatapos ng pagtawag ng Customer, pagkasuri ng tawag, at aktuwal na pagtatala ng tawag o recording ng METROBANK.

20. **VALIDITY AT EXPIRY NG YAZZ PREPAID VISA.** Maliban na lamang kung mas maagang wakasan ng METROBANK, o kusang-loob na pagkansela o pagsauli ng Customer, ang YAZZ Prepaid VISA ay may bisa mula sa araw ng pagkaloob hanggang sa huling araw ng buwan na nakalagay sa Card o expiry date (MM/YY). Ang Card ay hindi narerenew. samakatuwid, kapag nag-expire ang Card, kinakailangang bumili ang Customer ng bagong Card upang patuloy na matanggap ang mga serbisyo ng Card. Hindi dapat gamitin ng Customer ang Card matapos ang expiry date nito, pagkansela, suspensyon, pagwawakas, pag-withdraw, o hindi dapat pahintulutan ang sinuman na gamitin ang Card para sa anumang dahilan.

21. **HINDI PAGTANGGAP NG CARD/DEPEKTIBONG NABILING PRODUKTO O SERBISYO.** Ang Customer ay sumasang-ayon na walang pananagutan ang mga direktor, opisyal, empleyado at mga kinatawan ng METROBANK sa kakulangan ng anumang accredited establishment, METROBANK o mga third-party na merchant na tanggapin ang Card o kung depektibo ang anumang merchandise o mga serbisyo na binili/nakuha.

22. **MGA LIMITASYON NG REGULASYON.** Ang Customer ay sumasang-ayon na ang paggamit ng Card, tulad ng ngunit hindi limitado sa paglipat ng pondo at/o pagtanggap ng pera gamit ang Card, ay hindi lumalabag sa Anti-Money Laundering Law, as amended, Access Device Regulations Act of 1998, at ang iba pang naaangkop na mga batas, patakaran, o regulasyon. Sa pamamagitan ng pagrerehistro at paggamit ng Card, sumasang-ayon ang Customer na walang pananagutan at pinawawalang-sala ang METROBANK, mga direktor, mga opisyal, empleyado, at mga kinatawan nito

sa anumang mga pinsala o demanda na maaaring lumitaw mula sa anumang paglabag ng Customer sa batas, patakaran o regulasyon. Bukod dito, kung may kahina-hinalang pandaraya, iregularidad, o anomalya na kinasasangkutan ng Card ay maaaring awtomatikong i-block ng METROBANK ang paggamit nito, mayroon man o walang abiso, at simulan ang pagsisiyasat.

23. **MGA KADUDA-DUDANG TRANSAKSYON**

23.1 Blocked Card – Ang METROBANK ay may karapatan na awtomatikong suspindihin o i-block ang card kung may sapat na basehan ang METROBANK upang maniwala na ang Card ay ginagamit para sa mapanlinlang o kahina-hinalang mga transaksyon. Ang METROBANK ay maaaring, ngunit hindi obligadong, ipagbigay-alam sa Customer bago suspindihin o i-block ang Card alinsunod sa probisyon na ito. Kinikilala ng Customer ang awtoridad ng METROBANK na suspindihin o i-block ang Card at sumasang-ayon ang Customer na walang pananagutan ang METROBANK, mga direktor, opisyal, empleyado at mga kinatawan nito sa anumang kahihinatnan ng naturang suspensyon o pagblock, o anumang pagkawala o pinsala na maaaring maranasan ng Customer.

23.2 Discretion –Ang METROBANK ay may ganap na pagpapasya, at walang obligasyon na ipaliwanag o ipagbigay-alam sa Customer bagama't hindi isinasawalang bahala ang ibang probisyon dito, ukol sa (a) pagtanggihan sa anumang transaksyon kahit na mayroong sapat na balance and Card; o (b) pagsuspindi, pagwakas o pagkansela ng karapatan ng Customer na gamitin ang Card.

24. **NATITIRANG BALANSE.** Para sa mga YAZZ Prepaid VISA cards na nawala, nag-expire, nakuha ng ATM, nakansela, o suspendido na may natitirang balance, ang Customer ay maaaring humiling na ang natitirang load balance ay mailipat sa kanyang ibang rehistradong YAZZ Prepaid VISA o kaya ay bumili ng bagong YAZZ Prepaid VISA. Ang paglipat ng natitirang balance ay mapapayagan lamang kung ang YAZZ Prepaid VISA ay rehistrado sa ilalim ng kanyang pagmamay-ari.

25. **PAGPALIT SA NASIRANG CARDS.** Ang nasirang YAZZ Prepaid VISA ay papalitan ng METROBANK ng walang bayad kapag napatunayan ng YAZZ Customer Service na ang original load o Peso value ay WALA PANG BAWAS o HINDI PA NAGAMIT para sa kahit ano mang transaksyon. Pagkatapos masuri, ang Customer ay kailangan bumili ng bagong YAZZ Prepaid VISA; at ibabalik ng METROBANK sa bagong YAZZ Prepaid VISA and halagang Php300 SRP na nagasta sa pagbili ng naunang sirang YAZZ Prepaid VISA.

Kung sa pagbili ng Card ay matuklasan ng Customer na ang YAZZ Prepaid VISA ay may pisikal na pinsala tulad ng, ngunit hindi limitado sa, kakulangan ng o hindi mabasang numero ng card, Expiry Date, numero ng CVC/CVV, maaaring hilingin ng Customer na palitan ang YAZZ Prepaid VISA kung saan niya binili ito. Dapat itong gawin kaagad pagkatuklas ng anumang pisikal na pinsala.

26. **PAGSALIN NG IMPORMASYON.** Pinapayagan ng Customer ang METROBANK na isalin, ibunyag at ipaalam ang anumang impormasyon na may kaugnayan sa mga account sa Prepaid Card, o alinman sa mga ari-arian o pamumuhunan ng Customer sa METROBANK, sa alinman sa mga tanggapan, sangay, subsidiaries, affiliates, ahente at mga kinatawan ng METROBANK at sinumang ibang partido na mapili nila, saanman matatagpuan, bilang references at para sa referrals, , cross selling, data processing at storage, pagmonitor laban sa anti-money laundering, pagrepasso at pag-uulat, at statistical and risk analysis. Bilang karagdagan sa nabanggit, ang METROBANK at anumang sangay, subsidiary, affiliate, ahente at kinatawan o ibang napiling partido ay maaaring magsalin at magbunyag ng anumang naturang impormasyon na maaaring hinihiling ng anumang batas o

regulasyon. Ang pagsang-ayon sa mga Tuntunin at Kundisyon na ito sa pamamagitan ng pagpirma sa application form o sa pamamagitan ng paggamit ng YAZZ Prepaid VISA ay nagpapahayag ng hayagan at pormal na kasulatan ng nagpapahintulot sa anumang pagsalin at pagsisiwalat ng impormasyon na may kaugnayan sa kanilang mga accounts, mga ari-arian at mga pamumuhunan para sa mga layuning ipinahiwatig sa itaas at alinsunod sa mga naaangkop na batas, patakaran at regulasyon. Sumasang-ayon ang Customer na walang sala at pananagutan ang METROBANK, mga direktor, opisyal, empleyado at mga kinatawan nito sa anumang maaaring maging kahihinatnan ng pagsasalin, pagbubunyag o pag-iimbak ng impormasyon na may kaugnayan sa kanyang mga account, mga ari-arian o pamumuhunan.

27. **MGA PROMOSYON.** May mga pagkakataon na maaaring magpadala ang METROBANK sa Customer ng mga promotional offers nito sa pamamagitan ng mail / email / fax / SMS o telepono. Maaari ring payagan ng METROBANK ang mga sangay, subsidiary, affiliates, ahente at kinatawan nito at mga third parties na pinili ng alinman sa kanila at ilang kumpanya upang mag-alok ng mga piling produkto at serbisyo sa Customer sa pamamagitan ng mail / email / fax / SMS o telepono. Para sa layuning ito, maaaring ilipat at ibunyag ng METROBANK ang napiling impormasyon ng customer sa mga sangay nito, mga subsidiary, mga kaakibat, mga ahente at kinatawan at mga third parties na pinili ng alinman sa mga ito at ilang mga kumpanya. Ang pagsang-ayon sa Mga Tuntunin at Kundisyon na ito ay nangangahulugan ng hayagan at pormal na kasulatan ng pahintulot ng Customer para sa anumang pagsalin at pagsisiwalat ng impormasyon ng pangalan, address, contact details at iba pang kaugnay na impormasyon sa mga sangay ng METROBANK, mga subsidiary, affiliates, mga ahente at mga kinatawan at mga third party na pinili ng anuman ng mga ito at ilang mga kumpanya para sa mga layuning ipinahiwatig sa itaas at alinsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon.

28. **TAGUBILIN NG CUSTOMER.** Pinapahintulutan ng Customer ang METROBANK na umasa at kumilos alinsunod sa anumang pahayag, utos o iba pang komunikasyon, na maaaring ibigay sa pamamagitan ng telepono, mobile phone, text message, telex, facsimile, e-mail o iba pang electronic na paraan, ng Customer o sa kanyang ngalan, na pinaniniwalaan ng METROBANK na ginawa ng Customer o batay sa kanyang mga tagubilin o para sa kanyang kapakinabangan. Gayunpaman, ang METROBANK ay may karapatan na hilingin na ang mga tagubilin ay ihayag sa isang partikular na anyo o kumpirmahin ang mga tagubilin bago ito makapagpasya ukol dito. Ang METROBANK ay may karapatan na ituring ang mga tagubilin nang ganap na pinahintulutan ng at iiral sa Customer at gumawa ng mga hakbang na may kaugnayan sa o sang-ayon sa mga tagubilin na sa tingin ng METROBANK ay nararapat.

29. **KOMUNIKASYON SA TELEPONO.** Sumasang-ayon ang Customer na sa pamamagitan ng pagtawag o pagtanggap ng mga tawag mula sa METROBANK o alinman sa mga telesales providers nito, ang METROBANK o ang telesales providers ay maaaring i-record ang lahat ng komunikasyon sa telepono ng Customer. Sumasang-ayon ang Customer na ang gayong taped o recorded na komunikasyon ay maaaring gamitin ng METROBANK o anumang ibang partido, para sa anumang layuning naaayon sa batas, lalo na bilang katibayan sa anumang proseso, sa hustisya man o administratibo.

30. **KOMUNIKASYON SA SMS.** Ang Customer ay sumang-ayon na, paminsan-minsan, ang METROBANK ay maaaring magpadala ng mensahe o makipag-usap sa pamamagitan ng mga text message para sa partikular, napapanahong at mabilis na paalala at abiso tungkol sa impormasyon ng account, seguridad sa internet, at iba pang mga bagay na may kaugnayan sa YAZZ Prepaid VISA. Kinikilala at tinatanggap ng Customer na ang bawat SMS ay maaaring ipadala sa Customer nang hindi naka-encrypt at maaaring naglalaman ng pangalan at impormasyon ng Customer na nauukol sa

account ng Customer. Ang responsibilidad ng Customer ang pagtiyak sa seguridad ng kanyang mobile phone at walang pananagutan ang METROBANK, mga direktor, opisyal, empleyado at mga kinatawan nito sa anumang pananagutan, administratibo, sibil, o kriminal, kabilang ngunit hindi limitado sa, batas at regulasyon ukol sa data privacy at/o secrecy (kung mayroon man), kung may makakita o maka-access ng SMS na ibang tao maliban sa Customer. Sumasang-ayon ang Customer na hindi ginagarantiyahan ng METROBANK ang napapanahong paghahatid o lubos na katumpakan ng anumang SMS, na para lamang sa kaginhawahan, impormasyon at abiso ng Customer. Ang Customer ay ganap na responsable na subaybayan at siguruhin ang pagganap at pagsunod sa kanyang mga obligasyon.

31. **ELECTRONIC NA ABISO.** Ang mga abiso na ipinadala ng METROBANK sa Customer sa pamamagitan ng mobile phone, facsimile, e-mail o iba pang electronic na paraan (maliban sa SMS / text messaging, na sakop ng naunang clause) gamit ang nakarecord na numero at address ng Customer sa METROBANK ay itinuturing na naipadala mismo sa Customer. Dahil dito, sumasang-ayon ang Customer na walang pananagutan ang METROBANK, ang mga direktor, opisyal, empleyado at kinatawan nito kung ang impormasyong nakapaloob sa electronic na abiso ay, sa anumang paraan, ma-access ng sinumang tao maliban sa Customer.

32. **PAHINTULOT SA PAGPROSESO NG IMPORMASYON.** Ang Customer ay hayagang sumasang-ayon at nagpapahintulot, nang hindi nangangailangan ng abiso, sa pagkolekta, pag-record, organisa, pag-store, pag-update, pag-retrieve, pagkonsulta, paggamit, pag-consolidate, pag-block, pagbura o pagsira ng lahat ng impormasyon na may kinalaman sa Customer kaugnay o mula sa pagbili at / o paggamit ng YAZZ Prepaid VISA, ng alinman sa mga sumusunod: (i) METROBANK, mga subsidiary nito, mga affiliates at ibang may kaugnay na interes, lokal man o banyaga; (ii) mga participating merchants, payment technology companies, credit information/investigation companies, financial institutions, credit bureaus, loyalty program partners, consumer reporting or reference agencies, lokal man o banyaga; (iii) mga ahensiya ng gobyerno na may kapangyarihan, awtoridad o hurisdiksiyon sa METROBANK, mga subsidiary nito, affiliates at ibang may kaugnay na interes; (iv) mga entities na inatasan ng METROBANK, mga subsidiary nito, afiliates at ibang may kaugnay na interes upang mapadali ang pangangasiwa, pagserbisyo, at pagpapatupad ng Card, pati na rin ang iba pang mga produkto, serbisyo, pasilidad at channels ng METROBANK; at, (v) tulad ng iba pang mga tao o entities na itinuturing ng METROBANK na may kapangyarihan o karapatan sa naturang impormasyon, kung kinakailangan ng mga pagkakataon.

33. **MGA PAGBABAGO SA TERMS AT CONDITIONS.** Sa pamamagitan ng nakasulat na abiso (hal. liham, publikasyon, o iba pang kasulatan) sa Customer, ang METROBANK ay maaaring, sa anumang oras o kadahilanang wasto para sa METROBANK, amyendahan, repasuhin o baguhin ang mga tuntunin at kundisyon na ito.

34. **LUGAR NG PAGHAHABLA.** Ang lugar o hurisdiksiyon sa mga legal na aksyon o paghahabla ukol sa Kasunduang ito at relasyon sa pagitan ng METROBANK at ng Customer ay limitado lamang sa hukuman ng siyudad ng Makati, at wala nang iba pang hukuman at lugar.

35. **SEGREGASYON NG MGA SUGNAY.** Kung mayroong ilang termino o kundisyon sa Kasunduang ito ay madeklarang walang bisa, ilegal o hindi maaaring ipatupad ayon sa batas, ang bisa, legalidad at pagpapatupad ng mga natitirang mga tuntunin at kundisyon ay hindi maaapektuhan o mawawalan ng bisa.

36. **PAGSISIWALAT.** Dapat mahigpit na panatilihin ng METROBANK ang lahat ng impormasyon ng Customer bilang kumpedensyal. Gayunpaman, maaaring makakuha, makipagpalitan o isiwalat ng METROBANK ang mga impormasyong ito sa mga associates, affiliates, subsidiaries, opisyal, empleyado, ahente, abogado at iba pang mga tagapayo, mga pre-paid / debit / credit bureaus, o sinumang kailangan magkaroon ng akses dito base sa desisyon ng METROBANK, o ayon sa batas, tuntunin o regulasyon, o sang-ayon sa Kasunduang ito.

37. **PAGPAPASYA.** Ang METROBANK ay may karapatang dagdagan, amiyendahan, ibahin, bawasan, tapusin o bawiin ang mga benepisyo, serbisyo, pasilidad at pribilehiyo na kaakibat ng YAZZ Prepaid VISA.

38. **PAGTANGGAP.** Ang pagpirma ng Customer sa application form, acknowledgment receipt, YAZZ Prepaid Visa Card o iba pang uri ng dokumento patungkol sa mga singil sa Card, at/o pagpapanatili o paggamit ng Card ay nangangahulugan na ang lahat ng mga tuntunin at kundisyon na nakasaad at anumang pag-amiyenda dito, ay nabasa at lubos na nauunawaan ng Customer.